# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 03, 2021, LUNES, IKA-9:28 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>may karamdaman |

SANGGUNIANG BAYAN Office RECORDED By: Date: 25 MAY 2021 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 25 MAY 2021 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 256-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN PARA SA KARAGDAGANG BADYET (PAGLALAAN) BLG. 2 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN PABLO SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHANG BARANGAY BLG. 036-A-T2021 / KAUTUSAN BARANGAY BLG. 02-A-T2021 NA MAY HALAGANG P703,916.20 MULA SA 20% DEVELOPMENT FUND - SURPLUS 2020 UPANG IPAMBILI NG AMBULANSIYA NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan para sa Supplemental Investment Plan ng Karagdagang Badyet Blg. 2 ang Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 036-A- T2021 / Kautusan Barangay Blg. 02-A-T2021 na may halagang P703,916.20 mula sa 20% Development Fund - Surplus 2020 upang ipambili ng ambulansiya ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahing pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan ng Karagdagang Badyet (Paglalaan) Blg. 2 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 036-A- T2021 / Kautusan Barangay Blg. 02-A- T2021 na may halagang P703,916.20 mula sa 20% Development Fund – Surplus 2020 upang ipambili ng ambulansiya ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 03, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
5/24/21